BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGLABAS: Hulyo 18, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Ang Distrito ng Hangin ay naglulunsad ng bagong istasyon sa pagsubaybay sa hangin sa Benicia

SAN FRANCISCO – Inaanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang bagong istasyon sa pagsubaybay sa hangin sa Benicia bilang bahagi ng mga pagsisikap ng ahensiya na magtatag o palawigin ang mga istasyon sa pagsubaybay sa hangin sa mga lugar kung saan maraming pinagmulan ng polusyon ang maaaring mag-ambag sa mga lokal na pinagmulan ng polusyon na hindi nakuha ng kasalukuyang network ng Distrito ng Hangin.

Ang karagdagang datos na nakukuha ng mga tagasubaybay sa komunidad, tulad ng istasyon sa pagsubaybay sa hangin sa Benicia, ay magbibigay ng aktwal na lokal na datos sa polusyon sa hangin sa mga pangunahing komunidad sa refinery frontline na nagpapakita ng pang-araw-araw na pinagsama-samang mga antas ng polusyon sa hangin. Sinusuportahan din ng datos na ito ang pagsusuri ng mga trend sa kalidad ng hangin at ibang mga pagtatasa sa kalidad ng hangin.

"Ang makabagong istasyon sa pagsubaybay sa hangin na ito sa Benicia ay isang malaking hakbang pasulong sa pagtatasa at pagtutugon sa mga emisyon ng refinery sa isang komunidad na apektado ng mga emisyon na iyon," sabi ni Dr. Philip Fine, ehekutibong opisyal ng Distrito ng Hangin. "Magbibigay ang istasyon ng mahalagang datos upang mas mabuting tumugon sa mga pangyayari at upang ipaalam ang aming mga plano na mas mabuting protektahan ang mga residente. Ito ay isa sa maraming mga kagamitan na ginagamit ng Distrito ng Hangin upang mapabuti ang kalidad ng hangin sa mga komunidad na malapit sa malalaking mga pinagmulan ng polusyon tulad ng mga refinery."

"Ang Bagong istasyon sa pagsubaybay ng hangin ay isang mahalagang karagdagan sa ating komunidad na nagbibigay sa amin ng detalyado, aktwal na datos upang maunawaan at matugunan ang ating mga alalahanin sa kalidad ng hangin," sabi ni Steve Young, alkalde ng Benicia at miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin. "Ito ay isang hakbang tungo sa tamang direksyon para sa pagtiyak ng kalusugan at kaligtasan ng mga residente ng Benicia."

Inuuna ng Distrito ng Hangin ang mga komunidad na may mga refinery ng petroleum at malalaking pasilidad ng paggawa ng nababagong gasolina, tulad ng Benicia. Ang bagong istasyon, ang istasyon sa pagsubaybay sa hangin sa Benica-Fitzgerald, ay matatagpuan malapit sa mga Kalye ng East 2nd at East J sa Benicia.

Ang istasyon sa pagsubaybay sa hangin sa Benicia-Fitzgerald ay nagbibigay ng aktwal na datos sa sumusunod na mga pollutant: particulate matter, o PM2.5, ozone, nitrogen dioxide, nitric oxide, nitrogen oxides, sulfur dioxide, hydrogen sulfide at black carbon.

Samantalang nagpapatakbo ang Distrito ng Hangin ng maraming istasyon sa pagsubaybay sa hangin sa buong Bay Area, ang datos mula sa mga istasyon na iyon ay hindi nagpapakita ng mga konsentrasyon ng pollutant sa bawat lugar. Dagdag pa, ang pagkalantad sa polusyon ay nag-iiba mula sa bawat lugar at dinadala ng ilang komunidad malapit sa malalaking mga pasilidad na pang-industriya ang hindi katimbang na pasanin mula sa mga emisyon o ibang mga anyo ng polusyon sa hangin.

Ang datos mula sa istasyon sa pagsubaybay sa hangin sa Benicia-Fitzgerald ay makikita sa website ng Distrito ng Hangin ayon sa antas ng Palatandaan sa Kalidad ng Hangin at ayon sa antas ng konsentrasyon ng pollutant. Ang karagdagang impormasyon sa pagsisikap upang palawigin ang pagsubaybay sa hangin sa mga komunidad malapit sa mga refinery ay makikita rito.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*